County ng Contra Costa
**PAHAYAG SA MEDIA**

# County ng Contra Costa at Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area, isinusulong na panatilihing lokal ang hindi bababa sa 40 porsyento ng pondo mula sa settlement ng Tesoro

**Pagpopondo ng mga inisyatiba sa kalusugan sa buong county, kasama sa mga proposal**

Hunyo 5, 2023

Mga Contact sa Media:
Supervisor John Gioia, 510-701-4477
Kristi Jourdan, PIO ng County, 925-313-1183
Distrito ng Hangin, communications@baaqmd.gov

(County ng Contra Costa, CA) – Sa pakikipagtulungan sa Distrito ng Hangin, nagpadala ng liham ang Chair ng Lupon ng Mga Supervisor na si John Gioia ng County ng Contra Costa noong Biyernes, Hunyo 2, sa Kagawaran ng Katarungan (Department of Justice, DOJ) na humihiling na gamitin para sa mga lokal na inisyatiba sa kalusugan ang hindi bababa sa 40 porsyento ng multa mula sa Tesoro Refining & Marketing Company.

Natasa ng DOJ at Ahensya sa Pagprotekta ng Kapaligiran ang $27.5 milyong multa noong Abril 2023 pagkatapos lumabag ng Tesoro sa isang nakaraang kautusan ng hukuman na nag-aatas dito na bawasan ang polusyon sa hangin sa lokal nitong refinery ng petrolyo. Ayon sa settlement, hindi nagawa ng Tesoro na limitahan ang pag-emit sa hangin ng mga nitrogen oxide, na isang pollutant na nagpapalala sa smog at particulate matter.

“Ang mga front line na komunidad malapit sa refinery ay lubos na naaapektuhan ng maraming source ng polusyon sa hangin, at nararapat lang na makatanggap sila ng mas maraming benepisyo mula sa natasang multa,” sabi ni John Gioia, ang Chair ng Lupon ng Mga Supervisor. “Sa aming iminumungkahing plano, hindi lang mababawasan ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan na dulot ng polusyong ito, malalabanan din ang mas malalaking epekto ng pagbabago ng klima sa mga nasabing apektadong populasyon.”

“Nakipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa Contra Costa Health para mabawasan ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan para sa mga residenteng lubos na apektado ng polusyon sa hangin,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Sa tulong ng aming joint proposal sa EPA at Kagawaran ng Katarungan ng U.S., mapapabuti ang mga kahihinatnan

sa kalusugan para sa mga residenteng apektado ng polusyong ito – dapat makinabang ang mga residenteng ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa hindi bababa sa 40 porsyento ng pondo ng multa sa mga lubos na kinakailangang inisyatiba sa pagpapabuti ng kalusugan at pagpapaganda ng hangin."

Kasama sa mga joint proposal sa pagpopondo na sinusuportahan ng County ng Contra Costa at Distrito ng Hangin ang:

- **Pagpapalawak sa Programang In-home Asthma Mitigation and Energy Efficiency**: Sinusuportahan ang pagsasagawa ng mga pagtatasa at pagpapahusay para sa mga trigger ng hika at efficiency ng enerhiya para sa mga kliyente ng Contra Costa Health Plan na may Medi-Cal:

- **Pamamahagi ng mga portable na air purifier sa mga bahay**: Sinusuportahan ang pamamahagi ng mga portable na air purifier at napapalitang filter sa mga bahay sa pamamagitan ng dalawang programa sa pag-mitigate ng hika at programang Public Health Nursing;

- **Pagkakabit ng mga HVAC system at pagpapalawig sa mga oras ng aklatan ng County para magsilbing mga cooling center**: Sinusuportahan ang pag-upgrade sa mga HVAC system para makapaghatid ng mas malinis na hangin at ang pagpapalawig sa mga oras ng aklatan para ma-target ang mga komunidad na puwedeng puntahan ng mga residente kapag hindi maganda ang kalidad ng hangin, gaya ng kapag may usok na dulot ng wildfire;

- **Pagkakabit ng mga HVAC system at portable na air purifier sa mga paaralan**: Sinusuportahan ang pagdaragdag sa bilang ng mga distrito ng paaralan na nakapaligid sa at downwind ng refinery na makakatanggap ng mga air purifier;

- **Pagbibigay ng shelter sa mga walang matirhan kapag masama ang lagay ng panahon, may industrial na sunog, o release**: Sinusuportahan ang pag-aalok ng mga voucher sa hotel sa mga taong walang matirhan kapag may panandaliang insidente na nakakaapekto sa kalidad ng hangin. Posibleng kasama rito ang pagbibigay ng mga kinakailangan gaya ng panggastos sa transportasyon at staffing, pati sa pag-relocate ng walang matirhang encampment na downwind ng pasilidad ng natukoy nang mapanganib na materyales na puwedeng makaapekto sa kalusugan ng mga residente kung mare-release;

- **Pagpapaigting sa outreach ng komunidad para sa kaalaman sa kalidad ng hangin at mga mapanganib na materyales at pagtugon sa mga release**: Sinusuportahan ang mga pagsisikap sa outreach ng komunidad na bigyang-kaalaman ang komunidad sa mga insidenteng nauugnay sa mga mapanganib na materyales, kasama ang pag-sign up para sa mga alerto;

- **Pagsuporta sa Distrito ng Hangin at Contra Costa Health sa pamamagitan ng kagamitan o pagsasanay**: Sinusuportahan ang pagpopondong nauugnay sa mga paksa sa pangangasiwa, pagtugon sa mga insidenteng nauugnay sa mga mapanganib na materyales, pagsasanay sa komunikasyon, teknikal na pagsasanay, at pagsasanay sa pagpapatupad kaugnay ng kapaligiran.

###